# SEKSWAL NA PAGNANASA AT PAGKALIBOG: KWENTO NG MGA BABAENG WALANG KARANASAN AT MAY KARANASAN SA PAKIKIPAGTALIK

KENNIE KIETH B. PITPITUNGE

Di-gwadradong pag-aaral na ihaharap sa mga Guro ng Departamento ng Sikolohiya

Kolehiyo ng Sining at Agham, Mataas na Pamantasan ng Gitnang Luzon

Lungsod Agham ng Muñoz ,Nueva Ecija ,bilang Katugunan para sa

Kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Hunyo 2018

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang di- graduwadong tesina na ito na may pamagat na **SEKSWAL NA PAGNANASA AT PAGKALIBOG: KWENTO NG MGA BABAENG WALANG KARANASAN AT MAY KARANASAN SA PAKIKIPAGTALIK,** ihanda at ipinasa ni **KENNIE KEITH B. PITPITUNGE** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**ROBINSON Z. LUMUNTOD III**
Tagapayo

Petsa

**WAWIE DG. RUIZ**
Tagasuri

Petsa

**ANGELO R. DULLAS M.A**
Tagapangulo

6-14-18
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA.**

**ANGELO R. DULLAS M.A**
Tagapangulo,Kaguruan ng Sikolohiya

6-14-18
Petsa

**RICH MILTON R. DULAY, M.Sc.**
Tagapangulo ng Pananaliksik

Petsa

**EVARISTO A. ABELLA, Ph.D.**
Dekano,Kolehiyo ng Agham at Sining

Petsa

# ANG MAY AKDA

Ako si Kennie Keith b. Pitpitunge, Ipinanganak noong Marso 11, 1994 sa Maddela, Quirino na kung saan ay kasalukuyang naninirahan doon kasama ang aking mga magulang na sina Bernado D. Pitpitunge at Jocelyn B. Dimmalna. Ang aking relihiyon ay Katoliko. Noong ako'y elementarya pa lamang, nag-aral ako sa Pieza Elementary School na matatagpuan sa Pieza,Lumot, Ifugao.May mga karangalan akong natanggap tulad ng pagiging third honor simula baitang tatlo hanggang sa aking pagtatapos. Nag-aral naman ako ng sekondarya sa San Vicente High School ng unang taon hanggang pangalawang taon ,ngunit akoy lumipat ng paaralan nung pangatlong tao ko sa San Francisco High School na matatagpuan sa Lumot, Ifugao. Noong akoy kolehiyo na , sa unang taon ko sa kolehiyo ang kinuha kong kurso  ay BsNursing sa Saint Marys University sa Bayombong , Nueva Vizcaya, ngunit sa dahil hindi ako sigurado sa aking kinuhang kurso ako ay lumipat ng paaralan .Nag-aral ako sa Pampanga Agricultural College, ang aking kinuhang kurso  ay Veterenary Medecine,ngunit tumagal lamang ako ng dalawang taon ditto. Lumipat ako ng paaralan noong taong 2013 sa Central Luzon State University at nag enroll ulit ng Veterenary ngunit hin dir in nagtagal hanggang sa lumipat ako ng kursong ABLL pero hindi rin ito ang aking gusto hanggang sa napunta ako sa departamento ng Sikolohiya na kung saan ito na ang huli at natapos kong kurso ngayong taon , Hunyo 2018.

# PASASALAMAT

Buong puso at walang hanggang pasasalamat sa mga naging bahagi ng pag-aaral na ito na siyang humubog, nagmalasakit at naging daan sa katuparan upang matapos ang tesis na ito, lalong lalo na sa aking mga naging kalahok na mga kababaihan, para sa inyo ito, ang aking tesis na ito ay maglalarawan ng iyong mga natatagong karanasan upang magkaroon ng kaalaman ang mga tao tungkol sa sekswal na pagnanasa at pagka-libog ng mga kababaihang may karanasan at walang karanasan sa pakikipagtalik.

Unang-una sa lahat lubos po aking pasasalamat sa ating Poong Maykapal, sa kanyang walang hanggang pagmamahal, paggabay, at pagbibigay sa akin ng karunungan at lakas ng loob upang tapusin ang aking nasimulang pananaliksik gayundin po sa mga taong nagsilbing instrumento na inyong ipinagkaloob upang matapos at maging matagumpay ang aking pag-aaral.

Para sa aking unang tagapayo **Sir Nixon Agaser**, maraming maraming salamat po sa walang sawang pagbibigay ng ideya upang makaisip ako ng interesadong pag-aaral. Walang hanggang pasasalamat sa iyong pang-unawa, sakripisyo, pagtitiis, oras at mga payo para sa ikauunlad ng aking papel na hanggang sa huli ay hindi mo ako pinabayaan sa iyong pag-alis at ipinakausap mo ako kay Sir Robin upang maging tagapayo. Maraming salamat po.

Para sa aking pangalawang tagapayo **Sir Robin**, lubos ang aking pasasalamat sa pagtanggap niyo sa akin sa kalagitnaan ng aking pag-aaral. Maraming salamat sa iyong kabaitan, tiyaga, pang-unawa, oras, payo at sa mga karagdagang impormasyon upang ganap kong maisakatuparan ang aking tesis. Buong pusong pasasalamat po sa pagpapaalala at pagbibigay sa akin lakas ng loob upang tapusin ang aking pag-aaral. Maraming salamat po.

Para sa mga **kalahok** na naging bahagi ng pag-aaral na ito, maraming-maraming salamat sa inyong kooperasyon at pagbibigay ng oras upang malaman ko ang inyong mga pananaw at karanasan tungkol sa aking pag-aaral. Isa kayo sa pundasyon ng aking pag-aaral upang lalong mapatibay ang naging resulta ng pag-aaral na ito.

Para sa tagasuri ng mananaliksik, **Sir Wawie DG. Ruiz**, maraming-maraming salamat po sa pagtiyatiyang basahin ang aking papel at pagbibigay komento at suhestiyon upang maayos at mapaganda ang kalalabasan ng aking pag-aaral.

Para sa aking buong pamilya, **Ma**, **Pa**, mga **kapatid** ko, maraming salamat sa walang sawang pagmamahal, sakripisyo, paggabay, at suporta. Suporta bilang pamilya at suportang pampinansiyal na pangangailangan upang matugunan ang mga pangangailan ng aking pag-aaral. Maraming salamat po sa pagbibigay niyo ng lakas ng loob sa mga panahong ako'y susuko na. Maraming salamat dahil kahit pasaway ako ay hindi niyo ako pinabayaan nawa'y pagkalooban kayo ng ating Panginoon ng mahaba, masaya at malusog na pamumuhay. Maraming salamat Ma sa iyong walang hanggang pagmamahal at suporta, ikaw ang aking inspirasyon. Wala pong katumbas na salita ang aking pagmamahal sa inyong lahat, laking pasasalamat ko sa Panginoon at kayo ang aking naging pamilya.

Para sa aking mga kaibigan, **Laizza**, **Pujang**, **Che**, **Anti**, **Charlie**, **Rose**, kayo ang aking naging sandalan, sumbungan at kaibigang tunay na kailanman ay aking iingatan. Maraming salamat sa suporta at pagmamahal sa isa't-isa sa lahat ng bagay. Sa mga payong minsan ay seryoso naman at sa lahat ng ating mga pinagsamahan. Lubos ang aking pasasalamat sa inyo. Mahal na mahal ko kayo.

Para sa aking bestfriend at partner sa paggawa ng tesis, **Cherrelyn M. De Guzman**, salamat

sa'yo aking kaibigan dahil nandiyan ka na laging nagpapaalala at nagpapalakas ng aking loob kapag ako'y tinatamad na at naiirita na sa aking pag-aaral. Maraming salamat sa tiwala, pagmamahal, at suporta natin sa isa't-isa. Maraming salamat sa pagkakaibigan. Mahal na mahal kita Bessy.

Para sa kaguruan ng Departamento ng Sikolohiya Ma'am Bulanan, Ma'am Karen, Sir Anggo, Ma'am Blessie, Ma'am Myles na naging guro namin sa kolehiyo. Maraming salamat po sa pagbibigay, pagtuturo, at pamamahagi sa amin ng iyong mga kaalaman ukol sa Sikolohiya. nawa'y patuloy po kayong maging inspirasyon sa mga mag-aaral. Mabuhay po kayo.

*To God be the Glory.*

Ang Mananaliksik

Kennie Keith B.Pitpitunge

## TALAAN NG NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| PAMAGAT | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | ii |
| ANG MAY AKDA | iii |
| PASASALAMAT | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | vii |
| ABSTRAK | ix |
| PANIMULA | 1 |
| Sekwal na pagnanasa | 1 |
| Sekwal na Pagkalibog | 2 |
| Pag-aaral sa Pagnanasa at Pagkalibog | 3 |
| Pagkakaiba ng Babae at Lalaki | 5 |
| PAGLALAHAD NG SULIRANIN | 9 |
| KONSEPTWAL NG BALANGKAS | 11 |
| TEORETIKAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL | 12 |
| METODO | 13 |
| Ang Disenyo ng Pag-aaral | 13 |
| Mga Kalahok | 13 |

Ang Panukat 13

Paraan ng Pagkuha ng Datos 13

Pagsusuri ng Datos 14

RESULTA 15

Unang Kalahok 15

Pangalawang Kalahok 21

Ikatlong Kalahok 26

Ikaapat na Kalahok 30

DISKUSYON 36

PAGLALAGOM 43

KONKLUSYON 45

SANGGUNIAN 46

# ABSTRAK

**PITPITUNGE, KENNIE KEITH** B. Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University, Lungsod Agham ng Munoz, Nueva Ecija. **Sekswal Pagnanasa at Pagka-libog: Kwento ng mga Babaeng walang Karanasan at may Karanasan sa Pakikipagtalik**

Tagapayo: **Robinson Z.Lumontod III**

Isang kwalitatibo ang pag-aaral na ito na naglalayong pag-aralan ang pagkakaiba ng pananaw sa pagnanasa at pagka-libog ng mga babaeng may karanasan at walang karanasan sa pakikipagtalik. Nais malaman ng mananaliksik ang kaibahan ng karanasan ng mga babaeng walang karanasan at babaeng may karanasan ukol sa pagnanasa at pagka-libog. Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay bubuuin ng apat na kababaihan, dalawang babaeng walang karanasan sa pakikipagtalik at dalawang babaeng may karanasan sa pakikipagtalik na may edad dalawampung taong gulang (20) hanggang 25 at kasalukuyang naninirahan sa lungsod ng Nueva Ecija. Kinapanayam ng mananaliksik ang mga kalahok gamit ang mga *open-ended* na mga katanungan na kung saan *thematic analysis* ang ginamit sa pagsuri ng datos.

Lumabas sa pag-aaral na ito na ang pananaw ng mga babaeng walang karanasan at may karanasan sa pakikipagtalik ukol sa sekswal na pagnanasa at pagkalibog ay halos magkapareho lamang na kung saan naniniwala sila na ang pagnanasa at pagka-libog ay normal at natural na nararamdaman ng bawat tao. Ang tingin din nila ay nakakaramdam sila ng pagnanasa at pagka-libog dahil sa impluwensiya ng mga *pornographic materials*, romantikong mga palabas, malalaswang mga artikulo at erotikong babasahin sa *social media*. Ang mga babaeng walang karanasan sa pakikipagtalik ay gumagawa din ng mga sekswal na gawain. Kapag sila ay

nakakaramdam ng pagnanasa at pagka-libog, sila ay gumagawa ng paraan upang punan ito sa tulong ng kanilang kasintahan o kaya'y sila ay nagmamasturbate upang pasiyahin ang sarili. Ang tanging hindi pa nila nararanasan ay ang pagpasok ng nakatayong ari ng lalaki sa kanilang pwerta o ari samantalang ang mga babaeng may karanasan sa pakikipagtalik ay nakikipagtalik sa kanilang kasintahan sa tuwing sila ay nakakaramdam ng sekswal na pagnanasa at pagka-libog o di kaya ay hinahawakan nila ang kanilang sarili tulad ng pagmamasturbate upang mapasaya ang kanilang sarili. Sa karagdagan, ang mga babaeng may karanasan sa pakikipagtalik ay mas mapusok at mas bukas ang isipan sa mga usapin at gawaing sekswal kesa sa mga babaeng walang karanasan sa pakikipagtalik.

Mga Batayan

Ziegler T. E. (2007). "Female sexual motivation during non-fertile periods: a primate phenomenon". Hormones and Behavior. 51 (1): 1–2.

Van Anders S. M.; Hamilton L. D.; Watson N. V. (2007). "Multiple partners are associated with higher testosterone in North American men and women". Hormones and Behavior. 51: 454–459.

McLeod, S. A. (2014). Biological Theories of Gender. Retrieved from www.simplypsychology.org/gender-biology.html

Hiller, J. (2005). Gender differences in sexual motivation. The journal of men's health & gender, 2(3), 339-345.

Linda Rae Bennett (2005). Women, Islam and modernity: single women, sexuality and reproductive health in contemporary Indonesia

Amanda N. Gesselman, Gregory D. Webster & Justin R. Garcia (2016): Has Virginity Lost Its Virtue? Relationship Stigma Associated With Being a Sexually Inexperienced Adult, The Journal of Sex Research, DOI: 10.1080/00224499.2016.1144042

Kaiser Family Foundation. (2005). *U.S. teen sexual activity*. Washington, DC: Author.

Abma, J. C, Martinez, G. M., and Copen, C. E. (2010). Teenagers in the United States: Sexual activity, contraceptive use, and childbearing, National Survey of Family Growth 2006-2008. National Center for Health Statistics. *Vital Health Statistics*, *23*(30).

Santelli, J. S., Brener, N. D., Lowry, R., Bhatt, A., & Zabin, L. (1998). Multiple sexual partners among U.S. adolescents and young adults. *Family Planning Perspectives, 30*(6), 271-275.

Manlove, J., Ikramullah, E., Mincieli, L., Holcombe, E. & Danish, S. (2009). Trends in sexual experience, contraceptive use, and teenage childbearing: 1992- 2002. *Journal of Adolescent Health, 5*, 413-423.

Armour, S. and Haynie, D. (2007). Adolescent sexual debut and later delinquency. *Journal of Youth and Adolescence*, *36*, 141-152.

Hallfors, D., Waller, M. W., Bauer, D, Ford, C. A., and Halpern, C. T. (2005). Which comes first in adolescence – Sex and drugs, or depression? *American Journal of Preventive Medicine, 29*(3), 163-170.

Spriggs, A, and Halpern C. (2008) Timings of sexual debut and initiation of postsecondary education by early adulthood. *Perspectives on Sexual and Reproductive Health*, *40*(3), 152-161.

Price, M. & Hyde, J. (2009). When two isn't better than one: Predictors of early sexual activity in adolescence using a cumulative risk model. *Journal of Youth and Adolescence*, *38*(8), 1059 1071.

Manlove, J., Ikramullah, E., Mincieli, L., Holcombe, E. & Danish, S. (2009). Op. Cit.

http://www.sexandu.ca/sexual-activity/sexual-arousal/

ommendator, K. (2010). Parental influences on adolescent decision making and contraceptive e. *Pediatric Nursing*, *36*(3).

eger, G., Savin-Williams, R. C., Chivers, M. L., & Bailey, J. M. (2015, October 26). Sexual rousal and Masculinity-Femininity of Women. Journal of Personality and Social Psychology. dvance online publication. http://dx.doi.org/10.1037/pspp0000077

kerret, K., Fergus, K. (2015). Couple Resilience: Emerging Perspectives. Retrieved from ttps://books.google.com.ph/books?id=td8jCgAAQBAJ&dq=physical+pleasure+on+sex&sour gbs_navlinks_s

Ieston, M. C., Buss M. D. (2009). Why Women Have Sex: Understanding Sexual Motivations rom Adventure to Revenge (and everything in between). Retrieved from ttps://books.google.com.ph/books